



BAKIT KAILANGAN KO NG TAGAPAGSALIN NG KORTE?

Kahit na nagsasalita ka ng mabuting Ingles sa pang-araw-araw na sitwasyon, maaaring napakahirap maintindihan ang legal na wikang ginagamit sa mga kaso ng korte. Tutulungan ka ng tagapagsalin ng korte na makipag-usap sa korte sa wikang komportable mong gamitin.



SINO ANG MGA TAGAPAGSALIN NG KORTE?

Ang mga tagapagsalin ng korte ay espesyal na sinanay upang tulungan ka sa korte. Ang isang tagapagsalin ng korte ay:

- nakapagsasalita ng Ingles at ng wika mo nang napakahusay
- alam ang mga legal na termino sa parehong mga wika
- nakakaintindi ng legal na proseso



ANO ANG GAGAWIN NG TAGAPAGSALIN NG KORTE?



ISASALIN ng tagapagsalin ng korte ang lahat ng sinasabi sa korte. Isasalin nila kung ano ang sinasabi ng hukom at kawani ng korte sa iyong wika at isasalin ang lahat ng sinasabi mo sa Ingles.



HINDI ka bibigyan ng legal na payo ng tagapagsalin ng korte. Hindi nila masasagot ang iyong mga tanong o maipaliliwanag kung ano ang nangyayari sa korte. Isasalin lamang nila ang iyong mga tanong upang masagot ang mga ito ng hukom o ng ibang tao.



SAAN AKO MAKAKUKUHA NG TAGAPAGSALIN NG KORTE?

Ipaalam agad sa klerk—sa lalong madaling panahon—na kailangan mo ng isang tagapagsalin. Maaaring bigyan ka ng korte nang libre. Sa ilang mga kaso, maaaring kailanganin mong magdala ng sarili mong tagapagsalin. Pumunta sa

<https://www.courts.ca.gov/selfhelp-interpreter.htm> para sa karagdagang impormasyon sa paghahanap ng sinanay na kwalipikadong tagapagsalin.



MAAARI KO BANG KUNIN ANG ISANG KAIBIGAN O KAMAG-ANAK PARA MAGSALIN PARA SA AKIN?

Maaaring tulungan ka ng isang kaibigan o kapamilya sa labas ng silid ng korte. Sa silid ng korte, sa maraming kaso, maaaring bigyan ka ng korte ng tagapagsalin nang libre. Sa ilang mga kaso, maaaring hilingin sa iyo ng korte na magdala ka ng sarili mong tagapagsalin. Kapag nangyari iyon, humanap ka ng isang taong sinanay at kwalipikado. Huwag kang magdala ng isang taong wala pang 18 taong gulang upang magsalin para sa iyo.

Bumisita sa

<https://www.courts.ca.gov/selfhelp-interpreter.htm> para sa karagdagang mga payo at impormasyon tungkol sa mga tagapagsalin ng korte.



JUDICIAL COUNCIL
OF CALIFORNIA

KAILANGAN KO BA NG TAGAPAGSALIN NG KORTE?

Kung kailangan mong humarap sa korte at hindi ka masyadong nagsasalita o nakakaintindi ng Ingles nang mabuti, baka kailangan mo ng tulong ng isang tagapagsalin ng korte.

